Tuklasin ang SFUSD

Akademikong taon 2019-2020

Mga Pag-uusapan sa Araw na Ito

- Tuklasin ang Ating mga Paaralan
- Mahahalagang Petsa
- Kung Paano Mag-aplay
- Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral
- Mga Madalas Itanong

Link para sa Resources o mga Pinagkunan para sa Araw na Ito

www.sfusd.edu/enroll

Tumuklas, Mag-aplay, Mag-enroll

Mahahalagang Petsa

Enero 11, 2019

Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon para sa akademikong taon 2019-20

Payo: Iwasan ang mahahabang linya sa EPC at isumite ang inyong aplikasyon sa Disyembre.

Mahahalagang Petsa

Mga deadline o huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon:

- Lowell: Disyembre 14, 2018
- SOTA: Enero 16, 2019
- Pangkalahatang aplikasyon: Enero 11, 2019

Pagpapadala ng mga alok sa pamamagitan ng koreo

- Marso 15, 2019

Pagpaparehistro sa Paaralan:

- Marso 18-22 at April 1-5, 2019
- Marso 25-29, 2019- Sarado ang paaralan para sa Spring Break (bakasyon sa Tagsibol)

Kung Paano Mag-aplay

Ihanda ang mga Dokumento

Bago sa SFUSD

- Identipikasyon na may litrato para sa mga magulang/tagapatnubay ng bata
- Patunay ng kapanganakan ng bata (sertipiko ng kapanganakan, rekord sa ospital).
- Isang dokumento na nagpapatunay ng address ng tahanan (na may nakalistang pangalan ng magulang/tagapatnubay).

Kasalukuyang Estudyante ng SFUSD

Para sa kasalukuyang mga magulang/tagapatnubay ng SFUSD na hindi pa nagpapalit ng address ng tahanan:

●Identipikasyon na may litrato para sa mga magulang/tagapatnubay ng bata.

Kung nagbago na ang address ng tahanan, kailangan ding magbigay ng:

●Isang dokumento na nagpapatunay ng address ng tahanan (na may nakalistang pangalan ng magulang/tagapatnubay).

SFUSD

Kompletuhin ang Aplikasyon

Kung kasalukuyang pumapasok ang inyong anak sa paaralan ng SFUSD at papasok na sa ika-6 o ika-9 grado sa susunod na akademikong taon, tatanggap kayo ng aplikasyon para sa pagpapa-enroll sa pamamagitan ng koreo sa Oktubre 2018.

Puwedeng nang makakuha ng mga form sa pag-aaplay para sa 2019-20 sa Oktubre 15 sa EPC at sa anumang paaralan. Puwede rin ninyong i-print ang aplikasyon sa www.sfusd.edu/enroll.

- Pakikompleto ang lahat ng seksiyon ng aplikasyon.
- Tingnan muli kung tama ang # ng Paaralan at mga programa
- Pirmahan ang aplikasyon upang tiyakin na tama ang ibinigay ninyong impormasyon.

SFUSD

Isumite ang Aplikasyon

Sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center) kung:

- Bago ang mga estudyante sa SFUSD
- Nasa hindi transisyonal na grado ang mga estudyante at lumilipat ng paaralan sa loob ng SFUSD

Sa paaralan kung ang estudyante ay:

- Pumapasok sa paaralan ng SFUSD sa transisyonal na grado (TK, ika-5 o ika-8 grado)
- Pumapasok sa kindergarten at may nakatatandang kapatid na kasalukuyang pumapasok sa paaralang elementarya ng SFUSD.

SFUSD

Iba pang Lugar na Nangongolekta ng Aplikasyon

Mga Lugar na Nangongolekta ng Aplikasyon

- 4-7 p.m. Martes, Enero 8, 2019 sa West Portal Elementary School, 5 Lenox Way, 94127
- 4-7 p.m. Miyerkules, Enero 9, 2019 sa Sutro Elementary School, 235 12th Ave., 94118
- 4-7 p.m. Huwebes, Enero 10, 2019 sa Daniel Webster Elementary School, 465 Missouri St., 94107
- 8:30 a.m. hanggang 2:30 p.m. sa kabuuan ng akademikong taon sa Leola Havard EED, 1520 Oakdale Ave., room 30, 94124

SFUSD

Mga Pinipiling Paaralan

Ilista ang pinakamaraming pinipiling paaralan na mainam para sa inyo at sa sitwasyon ng inyong pamilya.

Isasama kayo sa application pool o pangkat ng mga nag-aaplay para sa bawat paaralan at programang nakalista:

Halimbawa:
1 pinili = 1 pool o pangkat
20 pinili = 20 pool o pangkat
40 pinili = 40 pool o pangkat
55 pinili = 55 pool o pangkat



Halimbawa: 5 piniling paaralan = 5 pool o pangkat

Ilang paaralan ang dapat kong iranggo?

Mas marami, mas mabuti. Hinihikayat namin kayong iranggo ang mas maraming paaralan hanggang sa maaari. Hindi binabawasan ng pagraranggo ng mas maraming paaralan ang tsansa ninyo na makapasok sa paaralan na una ninyong pinipili o first choice. Kahit na gustong-gusto ninyo talaga ang paaralang una ninyo pinii, kailangang magranggo kayo ng mas maraming paaralan sakaling hindi kayo makapasok doon.

Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral

Mga Tiebreaker

- Teritoryong Pinagsisilbihan (Attendance Area)
- Bayview at 94124
- Landas sa Wika (Language Pathway)
- Feeder (nagpapadala/pinadadalhang) Middle School
- PreK/TK na Attendance Area
- Kapatid
- Lugar ayon sa mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)
- Willie Brown Middle School

Tingnan ang mga pahina 12-13 ng 2019-20 Gabay sa Pag-eenroll (Enrollment Guide) para sa mga detalye

SFUSD

Transisyonal na Kindergarten

1. PreK sa parehong paaralan
2. Kapatid
3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

Mga Pang-elementaryang Paaralan sa Teritoryong Pinagsisilbihan (Elementary Attendance Area Schools)

1. Kapatid
2. PreK/TK na Attendance Area
3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)
4. Attendance Area

Mga Paaralang Elementarya sa Kabuuan ng Lungsod

1. Kapatid
2. PreK/TK
3. Lugar ayon sa mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

Mga Landas sa Wika (Language Pathways) sa Kabuuan ng Lungsod

1. Kapatid ng nasa Landas sa Wika (Language Pathway)
2. Landas sa Wika (Language Pathway)
3. Mga kapatid
4. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

Mga Middle School

1. Kapatid
2. Feeder (nagpapadala/pinadadalhang) middle school
3. Lugar ayon sa mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

Mga Landas sa Wika (Language Pathway) sa mga Middle School

1. Kapatid ng nasa Landas sa Wika (Language Pathway)
2. Landas sa Wika (Language Pathway)
3. Kapatid
4. Feeder na Middle School
5. Lugar ayon sa mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)



Willie Brown Middle School

1. Kapatid
2. Bayview
3. 94124
4. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

Mga High School (Mataas na Paaralan)

1. Mga kapatid
2. Willie Brown Middle School
3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

SFUSD

Mga Landas sa Wika (Language Pathway) sa High School

1. Kapatid ng nasa Landas sa Wika (Language Pathway)
2. Landas sa Wika (Language Pathway)
3. Kapatid
4. Brown
5. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)

Tiebreaker (serye ng mga preperensiya o pagbibigay ng higit na puntos) na Ala-suwerte ang Numero

Bibigyan ng ala-suwerteng numero ang bawat kahilingan. Sa pagkakataong walang anumang tiebreaker ang kahilingan, ang ala-suwerteng numero ang magsisilbi bilang tiebreaker. Ginagamit din ito para mapagdesisyunan ang mga tie (pagkakapareho ng puntos) at nang makatulong sa pag-alam kung paano ang pagkakasunod-sunod sa pagtanggap ng mga kahilingan.

Mga Kombinasyon ng Tiebreaker

Tatanggap ang lahat ng estudyanteng kuwalipikado para sa tiebreaker ng mahigit sa isang tiebreaker. Halimbawa, kung kuwalipikado ang estudyante para sa AAP, kuwalipikado rin sila para sa AA at dapat makatanggap ng **dalawang** tiebreaker na ito, at hindi lamang ang AAP.

Feeder (nagpapadala/pinadadalhang) Middle School

- Kung puwedeng opsiyon ang feeder na middle school, kailangang ilista ninyo ito bilang pinipili ninyo ayon sa pagkakasunod-sunod na gusto ninyo
- Walang garantiya na mabibigyan ng puwesto sa feeder
- Paalala: Kung hinihiling ninyo ang feeder na middle school, kailangang ilista ninyo ito bilang pinipili ninyo ayon sa pagkakasunod-sunod na gusto ninyo

Tuklasin ang Ating mga Paaralan

Kung Paano Humanap ng Paaralan

Gamitin ang mga sumusunod na kasangkapan para saliksikin ang lahat ng inyong mga opsiyong paaralan

- Mga Pahina sa Web ng Paaralan
- Kasangkapan para sa Paghahanap ng Address
- Gabay sa Pagpapa-enroll (Enrollment Guide)
- Mga tour o paglilibot sa paaralan

Kasangkapan para sa Paghahanap ng Address



www.enrollinschool.org/lookup

Alamin:

- Kung sa aling teritoryong pinagsisilbihan (attendance area) kayo nakatira
- Ang paaralang PreK/TK ng SFUSD na nasa teritoryong pinagsisilbihan
- Kung nasa lugar ayon sa mga marka sa eksamen (test score area, CTIP1) ang inyong address

SFUSD

Kasangkapan para sa Paghahanap ng Address

www.enrollinschool.org/lookup



SFUSD

Mga Madalas Itanong

Mga Madalas Itanong

Q: Puwede ko bang ipadala sa pamamagitan ng koreo/I-FAX ang aking Aplikasyon?

A: Hindi, hindi tatanggapin ang mga aplikasyong ipinadala sa pamamagitan ng koreo o i-finax. Para sa mga nagtatransisyong estudyante ng SFUSD sa TK, 5, 8, isusumite ang mga aplikasyon sa kanilang kasalukuyang paaralan. Ang papasok sa Kindergarten at may nakatatandang kapatid na kasalukuyang pumapasok sa paaralan ay puwede ring magsumite sa kasalukuyang paaralan na ito. Kailangang personal na magsumite sa EPC at Iba pang lugar para sa pag-aaplay ang mga bagong estudyante ng SFUSD.

Q: Kailangan ko bang ihanda ang mga rekord ng pagpapabakuna sa panahon ng aplikasyon?

A: Hindi, bibigyan ng takdang panahon ng pagpapatunay ang mga pamilya kapag nagparehistro kayo sa itinalagang paaralan, bago ang unang araw ng semestreng fall o taglagas.

Mga Madalas Itanong

Q: Ipinoproseso ba ang mga Aplikasyon nang first come first serve (unang inaasikaso ang unang magsusumite)?

A: Hindi, magkakasabay na ipoproseso ang lahat ng aplikasyong natanggap mula Oktubre 15, 2018 hanggang Enero 11, 2019. Palaging tandaan na mas maaga ang mga petsa ng deadline o huling araw ng pagsusumite para sa Ruth Asawa SOTA at Lowell High. Bukod rito, huwag ring kalilimutan ang mga alternatibong lugar para sa pagsusumite. Huwag maghintay ng huling sandali para sa pagsusumite ng mga aplikasyon.

Q: Ilang paaralan ang dapat kong ilista sa aplikasyon?

A: Ilista ang pinakamaraming pinipiling paaralan na mainam para sa inyo at sa sitwasyon ng inyong pamilya. Tandaan na isasama kayo para sa bawat paaralan at programang nakalista. 1 pinipili = 1 pangkat o pool, 20 pinipili = 20 pangkat, 40 pinipili =40 pangkat.

Mga Madalas Itanong

Q: Paano ko pagsusunod-sunurin ang paglilista ng paaralang elementarya sa teritoryong pinagsisilbihan (attendance area) o middle school feeder?

A: Ilista ang mga paaralan ayon sa pagkakapili ninyo, kung saan nasa pinaka-itaas ang pinakagusto. Palaging tandaan na tunguhin naming italaga kayo sa pinili ninyong paaralan na pinakamataas ang ranggo.

Q: Ano ang tsansa ko na makapapasok ako sa aking hinihiling na paaralan?

A: Sa kasamaang palad, hindi namin magagarantiya ang pagbibigay ng puwesto; gayon pa man, sa pag-aaral ng datos mula sa Marso 2018, makikita natin na 89% ng mga aplikante sa Kindergarten ang nakatanggap ng piniling paaralan at programa, 85% mula sa mga nasa ika-6 grado, at 85% ng mga nasa ika-9 grado ang nakatanggap ng piniling paaralan.

Mga Madalas Itanong

Q: Paano ko matitiyak na natanggap sa oras ang aking aplikasyon?

A: Pakitiyak na makakukuha kayo ng kopya ng inyong aplikasyon, kapag naisumite na ninyo ito. Palaging binibigyan ang mga pamilya ng duplicate na kopya kapag nagsumite sila ng aplikasyon.

Q: Kailangan ko bang magparehistro sa paaralan kapag natanggap ko na ang sulat ko, at nang mapanatili ang aking puwesto?

A: OO, kailangan ninyong magparehistro sa paaralan, dahil kung hindi, mawawala sa inyo ang puwesto. PALAGING kumuha ng pirmadong kopya ng inyong pagpaparehistro.

Manatiling Konektado sa SFUSD

@SFUnified